4

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter

Linggo 2

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 4**
**Kuwarter 1: Linggo 2**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng e-mail sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Development Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Mimi A. Rambayon, Lilibeth C. Laforteza, B. Bhivian A. Adaza, Editha T. Giron |
| **Content Reviewer:** | Dr. Marites B. Directo, Joy M. Amarante, Joel L. Salivio, Andrew E. Tan |
| **External Content Validator:** | Mark Joseph Santos, Kevin Paul Martija |
| **External Language Validator:** | ??? |
| **Illustrator:** | Leimar Padre |
| **Layout Artist:** | Rey Miguel, Albert James Macaraeg |

**Management Team**


**JOCELYN DR ANDAYA**, *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO**, *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
**ANDREW E. TAN**, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
**LUCKY S. CARPIO**, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Natutukoy ang kinalalagyan ng Pilipinas gamit ang tiyak at relatibong lokasyon. | | | |
| *D. Mga Layunin* | Natutukoy ang relatibong lokasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga kalupaan o lokasyong bisinal. | Natutukoy ang relatibong lokasyon ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga katubigan o insular. | Natatalakay ang konsepto ng bansa.<br>Natutukoy ang mga katangian ng isang bansa. | Natatalakay ang mga elemento ng bansa.<br>Natutukoy ang mga katangian ng isang bansa. |
| *E. Disenyong Instruksyunal* | 4Es Approach<br>Context<br>Ideational | 4Es Approach<br>Context<br>Connection<br>Ideational | 4Es Approach<br>Context<br>Collaboration<br>Ideational | 4Es Approach<br>Context<br>Ideational |
| *F. 21st Century Skills* | Communication Skills<br>Learning and Innovation Skills | Communication Skills<br>Learning and Innovation Skills | Communication Skills<br>Learning and Innovation Skills | Communication Skills<br>Learning and Innovation Skills |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Relatibong Lokasyon ng Pilipinas sa Lokasyon Kalupaan o Bisinal | Relatibong Lokasyon ng Pilipinas sa Lokasyong Insular | Konsepto at Katangian ng Isang Bansa | Elemento ng Isang Bansa |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Lahing Kayumanggi (Batayang Aklat sa AP 4<br>The Library Publishing House, Edgardo B. Fabian pp. 46-48 | Lahing Kayumanggi (Batayang Aklat sa AP 4<br>The Library Publishing House, Edgardo B. Fabian | Lahing Kayumanggi<br>(Batayang Aklat sa AP 4<br>The Library Publishing House, Edgardo B. Fabian | Lahing Kayumanggi<br>(Batayang Aklat sa AP 4<br>The Library Publishing House, Edgardo B. Fabian |
| *B. Iba pang Kagamitan* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph


| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Ayusin ang mga titik upang makabuo ng mga salita<br>**LIBNOGETRA**<br>**YSOKLAON**<br>Ano ang nabuong salita?<br>RELATIBONG LOKASYON<br>Ano kaya ang relatibong lokasyon? | Bugtungan tayo.<br>Ako ay nasa gawing Silangan ng bansa? hilaga? kanluran? timog?<br>Pag-aralan ang mapa sa ibaba.<br>Ano-anong tubig ang nakapaligid dito? | Punan:<br>Ibigay ang impormasyon tungkol sa pangalan ng. iyong:<br>barangay ______________<br>bayan ______________<br>lalawigan ______________<br>rehiyon ______________<br>bansa ______________<br>Bakit kaya naging bansa ang Pilipinas? | Sa talaan sa ibaba ay ilista ang mga katangian ng isang bansa.<br><br> |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Matutukoy kaya ang kinalalagyan ng Pilipinas gamit ang relatibong lokasyon?<br>Ano kaya ang relatibong lokasyon?<br>Ating alamin sa araw na ito ang relatibong lokasyon ng Pilipinas.<br>Ang kahulugan ng relatibong lokasyon ay tumutukoy sa posisyon ng isang lugar batay sa nakapaligid na kalupaan o bisinal at katubigan o insular. | Batay sa larawan sa itaas, sabihin ang mga anyong tubig nakapalibot sa hilaga, timog, silangan at kanluran.<br>Itungo ang mga bata sa salitang i*nsular*.<br>Narinig na ba ninyo ang salitang insular? | Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng bansa?<br>Punan ang *concept web* sa ibaba.<br><br>Ating alamin sa araw na ito kung ano ang kahulugan ng bansa. | Ilahad ang larawan ng sumusunod:<br>- Tao (Filipino)<br>- Palasyo ng Malacañang<br>- Watawat<br>Ating alamin ngayon ang mga elemento ng isang bansa tulad ng Pilipinas. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Ating tatalakayin muna ang lokasyon bisinal o mga kalupaang nakapaligid sa ating bansa.<br><br>Mahalagang balikan ang mga pangunahing direksiyon at pangalawang direksiyon sa pagtukoy ng relatibong lokasyon ng bansa ayon sa bisinal na lokasyon. | | Ang bansa ay isang komunidad o lipon ng mga komunidad ng mga tao na naninirahan sa isang tiyak na teritoryo na mayroong isang kultura, wika at kasaysayan.<br><br>(Ipaliwanag ang wika kultura, at kasaysayan na dinanas ng ating bansa) | Ano ang nalalaman ninyo sa bawat larawan? |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Gamit ang world map o globo o maaari ring magdownload.<br><br>Ano-ano ang mga kalupaang na nakapalibot sa Pilipinas?<br><br>Ipahanap sa mga bata sa tulong iyong gabay gamit ang mga pangunahing | Paano natin matutukoy ang lokasyong insular ng bansa?<br><br>Ayon sa lokasyong insular, ang karatig na anyong tubig ng Pilipinas ay:<br><br>Hilaga – Bashi Channel<br><br>Timog – Dagat Celebes<br><br>Kanluran – West Philippine Sea<br><br>Silangan – Karagatang Pasipiko | Ang Pilipinas ba ay maituturing na isang bansa? Bakit?<br><br>Maituturing na isang bansa ang Pilipinas dahil pinagbubuklod nito ang mga Pilipino sa iisang kultura, wika, kasaysayan, at naninirahan sa isang teritoryo. | Ipaliwanag ang kahalagahan ng mga sumusunod na elemento ng bansa.<br><br>1. **Tao / Mamamayan**<br>2. **Teritoryo**<br>A. lahat ng hangganan ng pag-aari ng bansa sa kalupaan hanggang sa ibabaw at sa ailaliman nito.<br><br>B. lahat ng hangganan ng katubigan na pagmamay-ari ng Pilipinas ayon sa batas ng bansa at batas ng dagat/karagatan o UNCLOS<br>C. sa himpapawid ng bansa<br><br>3. **Pamahalaan** - isang organisasyong politikal na itinataguyod ng mga grupo ng mga tao na naglalayong magtatag ng kaayusan at pagpapanatili ng sibilisadong |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | lipunan<br>**4. Soberanya** o kasarinlan/ kalayaan nagpapatupad ng mga programa ng hindi pinakikialaman ng ibang bansa.<br>A. *panloob na soberanya* ang pangangalaga sa sariling Kalayaan<br>B. *panlabas na soberanya* (pagkilala ng bansa sa kalayaan natin? |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Tignan natin kung natatandaan ninyo ang mga lugar o bansa na nakapaligid sa ating bansa.<br><br>Pagtambalin ang mga salita sa Titik A at sa Titik B.<br><br>**A** / **B**<br>Hilaga — Palau<br>Timog — Taiwan<br>Kanluran — Vietnam<br>Silangan — Cambodia | Pagtatanong kung ano ang kabutihang naidudulot sa bansa ng pagkapaligid ng mga malalaking anyong tubig.<br><br>Ano-ano ang mga anyong tubig na nakapaligid sa ating bansa sa:<br><br>**H** ____________________<br>**T** ____________________<br>**K** ____________________<br>**S** ____________________ | Bakit isang bansa ang Pilipinas?<br><br>Dahil ito ay may:<br><br>_____ Wika<br>_____ Kultura *(uri ng pamumuhay)*<br>_____ Kasaysayan *(namana sa mga sumakop)* | Sagutin ang concept web sa ibaba.<br><br>Elemento ng Bansa<br><br><br> |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ano kaya ang dahilan kung bakit mahalagang malaman ang mga kalupaan na nakapalibot sa Pilipinas? | Ano ang tinutukoy nating lokasyong insular? | Pangkatin ang mga bata sa tatlo:<br><br>Bawat pangkat ay may pupuntahan isang lugar at doon sila gagawa ng *output*.<br><br>**Pangkat I**<br>Ipaliwanag: | Hayaang magbigay ng mga bata kung ano ang pagkaunawa nila sa bawat elemento. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ano ang relatibong lokasyong bisinal? | | Ang Pilipinas ay may isang kasaysayan.<br><br>**Pangkat II**<br>Ipaliwanag:<br>Bakit mahalaga ang wika?<br><br>**Pangkat III**<br>Ipaliwanag:<br>Magbigay ng mga ginagawa natin araw-araw na bahagi ng ating kultura. | Ibigay ang tinutukoy ng bawat bilang.<br>**1.** Mamamayan/Tao<br>**2.** Pamahalaan<br>**3.** Soberanya<br>**4.** Teritoryo |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Paano matutukoy ang relatibong lokasyon ng Pilipinas ayon sa bisinal?<br><br>Ano-ano ang mga bansa o kapuluan na nakapaligid sa Pilipinas? | Ibigay ang pagkakaiba ng lokasyong insular at bisinal.<br>*(Bilang pagtatapos sa dalawang araw na pagtalakay sa relatibong lokasyon)* | Paano natutukoy ang isang bansa? Ang bansang Pilipinas? | Ano-ano ang mga elemento ng isang bansa? |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Happy Face / Sad Face**<br>Panuto: Iguhit ang 😊 kung ang pangungusap ay nagsasaad ng TAMA at ☹ naman kung MALI.<br>1. Ang Pilipinas ay maaaring matagpuan sa pamamagitan ng lokasyong bisinal.<br>2. Ang relatibong lokasyon tumutukoy sa posisyon ng isang lugar batay sa nakapaligid na kalupaan o bisinal lamang. | **Tsek o Ekis**<br>Panuto: Isulat ang ✔ kung ang pangungusap ay nagsasaad ng TAMA at ✖ naman kung MALI.<br>1. Sa lokasyong insular ay matutukoy ang kinaroroonan ng Pilipinas.<br>2. Sa timog ng Pilipinas ay matatagpuan ang Bashi Channel.<br>3. Sa hilagang bahagi ng bansa ay makikita ang Karagatang Pasipiko.<br>4. Sa kanluran naman ay makikita ang West Philippine Sea. | **Pagtukoy sa tiyak na bagay**<br>Panuto: Tukuyin ang inilalarawang salita sa pangungusap sa ibaba.<br>1. Ito ay isang komunidad o lipon ng mga komunidad ng mga tao na naninirahan sa isang tiyak na teritoryo na mayroong isang kultura, wika at kasaysayan.<br>2. Ito ang tawag sa bans ana pinaninirahan ng mga Pilipino.<br>3. Ito ang nagsisilbing komunikasyon ng mga tao sa | **Pagtukoy sa tiyak na bagay**<br>Panuto: Tukuyin ang inilalarawang salita sa pangungusap sa ibaba.<br>1. Ito ay tumutukoy sa grupong naninirahan sa loob ng teritoryo.<br>2. Ito ay tumutukoy sa ganap na Kalayaan ng isang bansa sa pagpapatupad ng mga programa at batas.<br>3. Ito ay tumutukoy sa lawak ng lupain, katubigan, himpapawid at kalawakan |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Ang karatig na bansa ng Pilipinas sa hilaga ay Cambodia.<br>4. Ang karatig na bansa ng Pilipinas sa timog ay Vietnam.<br>5. Ang karatig na bansa ng Pilipinas sa kanluran ay Taiwan. | 5. Sa silangang bahagi ng bansa ay makikita ang Dagat Celebes. | isang bansa.<br>4. Ito ay tumutukoy sa paraan o uri ng pamumuhay at kaugalian ng mga tao sa isang lugar o bansa.<br>5. Ito ay tumutukoy sa mga karanasan o pangyayari sa nakaraan ng mga tao. | sa itaas nito. Ito rin ang tinitirahan ng mga tao at pinamumunuan ng pamahalaan.<br>4. Ito ay tumutukoy sa organisasyong politikal na nagpapatupad ng mga programa para kapayapaan at kaayusan sa isang bansa.<br>5. Ito ay simbolo ng pagkakakilanlan ng Pilipinas na yar isa tela at iniwawagayway sa mga paaralan at ahensya ng pamahalaan |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Punan ang patlang ng tamang sagot.<br>(relatibong lokasyon ayon sa bisinal o kapuluan) | Bakit mahalagang malaman ang lokasyong insular at lokasyong bisinal ng isang bansa? | Bumuo ng isang maikling tula tungkol sa Pilipinas. | Iguhit ang watawat ng Pilipinas at kulayan ito ayon sa tamang kulay ng bawat bahagi. |
| *Mga Tala* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| *Repleksiyon* | | | | |
|---|---|---|---|---|



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph